QC Mayor Joy B, maglalagay ng mini city hall sa mga distrito

Upang ma-centralized at mapabilis ang pag-proseso ng mga papeles ng mga residente ng Quezon City ay maglalagay si Mayor Joy Belmonte ng mga mini cityhall sa mga distrito ng lungsod.

"We can start by requesting our city councilors to rationalize the Novaliches District Center and add more plantilla positions"pahayag ni Belmonte.

Una rito, nagkaroon na ng kasunduan si Belmonte sa pagitan ng Robinsons Malls upang magamit ding lugar ang naturang mga malls sa pagbabayad ng buwis at ilang transaksiyon sa lokal na pamahalaan.

Sa mga darating na araw ay magiging QC Business Centers na ang Robinsons Malls - Nova, Galleria at Magnolia at may tatlo pang mall sa QC ang inaasahang business center na rin ng lokal na pamahalaan.

Nasa proseso na rin ang pag-digitalize ng mga dokumento ng iba't ibang mga departamento sa QC Hall upang agad makakuha ng impormasyon ang mga taga lunsod online upang hindi na magsayang ng oras na magpunta ng cityhall. ***-Angie dela Cruz-***